PANTAO
International Journal of the Humanities and Social Sciences
ISSN 3028-0877
Volume 3, Issue 3 (2024)

# ZINE: Towards a Modern Approach to Writing Academic Papers

**Jesus Q. Forten**
Sta Elena High School - SDO Marikina
W.C. Paz St. Sta Elena, Marikina City
Email: mariazenaida.cardoso@deped.gov.ph

**Romeo A. Pilongo***
Sta Elena High School- SDO Marikina
W.C. Paz St. Sta Elena, Marikina City
Email: mariazenaida.cardoso@deped.gov.ph

**Abstract:** The study highlighted the low proficiency levels of Filipino students in PISA 2024 and other assessments, particularly in the areas of critical thinking, problem-solving, and information literacy. To address these deficiencies, the paper proposed the creation of zines as a modern approach to writing academic papers, aiming to enhance creative thinking and increase students' interest in the writing process. The zine, as an informal and self-published medium, offers an opportunity to incorporate higher-order thinking skills into educational activities.

# ZINE: Tungo sa makabagong pamamaraan sa pagsulat ng akademikong sulatin

**Jesus Q. Forten**
Sta Elena High School - SDO Marikina
W.C. Paz St. Sta Elena, Marikina City
Email: mariazenaida.cardoso@deped.gov.ph

**Romeo A. Pilongo***
Sta Elena High School- SDO Marikina
W.C. Paz St. Sta Elena, Marikina City
Email: mariazenaida.cardoso@deped.gov.ph

**Abstrak:** Itinampok ng pag-aaral ang mababang antas ng kakayahan ng mga estudyanteng Pilipino sa PISA 2024 at iba pang pagtatasa, partikular sa larangan ng kritikal na pag-iisip, paglutas ng problema, at literasiya sa impormasyon. Upang tugunan ang mga kakulangang ito, iminungkahi ng papel ang paggawa ng zine bilang isang makabagong pamamaraan sa pagsusulat ng akademikong sulatin, na naglalayong palakasin ang malikhaing pag-iisip at mapataas ang interes ng mga estudyante sa proseso ng pagsusulat. Ang zine, bilang isang di-pormal at self-published na medium, ay nag-aalok ng pagkakataon upang maisama ang mas mataas na antas ng pag-iisip sa mga gawain sa edukasyon.

Keywords: Kritikal na pag-iisip, Akademikong pagsulat

*Corresponding author**

Date Submitted: June 3, 2024
Date Accepted: June 26, 2024
Date Published: September 13, 2024

## PANIMULA

Hindi naging maganda ang naging resulta ng Programme for International Student Assessment (PISA, 2024). Lumabas na kabilang ang Pilipinas sa may pinakamababang marka pagdating sa malikhaing pag-iisip (creative thinking). Maging sa inilabas na ulat ng Bureau of Education Assessment (BEA, 2022) sa ginanap na National Achievement Test ng mga mag-aaral sa ika-12 baitang, lumabas na nagpakita ng mababang kahusayan ang mga mag-aaral pagdating sa kasanayan sa paglutas ng problema (problem solving), literasiya sa impormasyon (information literacy) at kritikal na pag-iisip (critical thinking). Idagdag pa natin ang naging pahayag ng Kagawaran ng Edukasyon, na ang mga Pilipinong mag-aaral ay hindi mga akademikong propesiyente. Sa lumabas na ulat ng Basic Education Report 2023, mayroon ding malaking kakulangan sa pagproseso ng kritikal na pag-iisip (critical thinking) at kakayahang lumutas ng problema (problem-solving skill) ang mga mag-aaral.

Idinagdag pa ng Kagawaran ng Edukasyon na hindi masyadong naituturo sa mga mag-aaral ang pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip (critical thinking) at kakayahang lumutas ng problema (problem-solving skill). Bagamat hindi natin maiaalis na mayroong malaking pagkukulang ang mga guro dahil sa kakulangan nilang maitaguyod ang pagkakaroon ng mataas na antas ng pag-iisip, kritikal na pag-iisip (critical thinking) at kakayahang lumutas ng problema (problem-solving skill), nilinaw naman Kagawaran ng Edukasyon na hindi ito kasalanan ng mga guro. Nabanggit din ang iba pang kasanayan na dapat taglayin ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo. Isa na nga rito ang pagkakaroon ng literasiya sa impormasyon (information literacy).

Dahil sa nabanggit na mga suliranin, mayroong paraan upang malutas ang mga ito sa pamamagitan ng pag-aangkop sa mga napapanahong paraan ng pagsulat kagaya ng paglikha

ng zine sa mga isinusulat na akademikong sulatin. Dahil sa paglikha ng zine, maaaring tumaas ang kaantasan ng pagkatuto sa mga kasanayang dapat bigyang pansin.

Ang paglikha ng zine bilang makabagong pamamaraan sa pagsulat ng akademikong sulatin ay nagsisilbing lunas sa malaking dagok at hamon sa mga guro kung paano muling mailalapit sa mga mag-aaral ang mga kasanayang dapat nilang mapagpantasan at mapaghusayan kagaya ng mga kasanayang nabanggit sa itaas. Malinaw na kusang iniluluwal ng akademikong pagsulat ang mga kasanayang ito kagaya ng binabanggit ni Villanueva at Bandril na hindi maaaring paghiwalayin ang pagsulat at kognisyon. Ang isip ang pinagmumulan ng proseso ng kognisyon. Samakatuwid, magkatambal ang pagsulat at pag-iisip. Nakapaloob sa pag-iisip ang kalipunan ng mga kaalaman buhat sa biyolohikal at kaalamang idinulot ng karanasan. Taglay rin ng lawak ng pag-iisip ang imahinasyon na pangunahing sangkap sa pagpapalawak ng isang uri ng sulatin. Pinabibisa pa ito ng tamang gamit ng salita, kataga, ekspresyon, at kalipunan ng mga pangungusap na binuo ng kaisipan ng isang tao.

Idinagdag pa nina Villanueva at Bandril (2016) na isa sa pinakamahahalagang awtput ng sinumang mag-aaral ang mga gawaing nauukol sa akademikong pagsulat. Ito ay isang masinop at sistematikong pagsulat ukol sa isang karanasang panlipunan na maaaring maging batayan ng marami pang pag-aaral na magagamit sa ikatataguyod ng lipunan. Ang akademikong pagsulat ay isinasagawa sa isang akademikong institusyon na kinakailangan ang mataas na antas ng kasanayan sa pagsulat. Layunin ng akademikong pagsulat ang magbigay ng makabuluhang impormasyon sa halip na manlibang lamang. Ito ang dahilan kung bakit ang asignaturang Filipino sa Piling Larang (Akademik) ay nasa listahan ng mga asignaturang kinakailangang pag-aralan sa baitang 12 ng Sinyor Hayskul (Senior High School).

Naiiba ang paraan ng pagsulat ng akademikong sulatin sa mga malikhaing sulatin sapagkat nangangailangan ito ng mahigpit na tuntunin sa pagbuo ng isang sulatin. Kinakailangang magtaglay ito ng isang paksa na may magkakaugnay na mensahe. Maayos na inihahanay ang mga pangungusap, talata, at seksiyon upang maging malinaw ang pagkakabuo ng mga ideya at paliwanag ng mga ito.

Ang karaniwang estruktura ng isang akademikong sulatin ay may simula na karaniwang nilalaman ang introduksiyon, gitna na nilalaman ang mga paliwanag, at wakas na nilalaman ang resolusyon, kongklusyon, at rekomendasyon. Ilan sa mga halimbawa ng akademikong sulatin ay ang sumusunod: abstrak, bionote, talumpati, panukalang proyekto, replektibong sanaysay, sintesis, lakbay-sanaysay, sinopsis, posisyong papel at iba pa.

Ang zine, hinango sa salitang “magazine” at “fanzine” ay isang maliit na sirkulasyon ng pansariling paglalathala na may mga nakasulat na teksto at kadalasang naglalaman ng mga larawan. Madalas din itong pinararami sa pamamagitan ng paggamit ng mga makinang xerox o mga makinang nagpaparami ng kopya ng isang tekto.

Ang paglikha ng zine ay isang lunsaran ng pagsulat ng mga sulating akademiko upang mapalakas ang mga kasanayan ng mga mag-aaral sa kasanayan sa paglutas ng problema (problem-solving skill), literasiya sa impormasyon (information literacy) at kritikal na pag-iisip (critical thinking). Ayon sa pag-aaral nina French at Curd na hinango kay Piepmeir, ang zine (binibigkas na ‘zeens’) ay mga paglalathalang sarili, hindi nagangailangan ng mataas na badyet at hindi pangkalakalang paglalathala. Nagsimula ito sa fandom (isang subkulturang binubuo ng mga tagahanga na nailalarawan sa pamamagitan ng isang pakiramdam na empatiya at pakikipagkapuwa sa iba na nagbabahagi ng isang karaniwang interes): kadalasan ay sci-fi, musika, pampalakasan at kultural na iconography, na matagal na nagsisilbing pinakamahalagang daluyan ng komunikasyon sa iba’t ibang sabkultura at binibilang na sandigan ng “do-it-yourself” na kilusang pagkamalikhain na nagpapahayag ng “anomang usaping personal at politikal na mga naratibo” (French at Curd, 2022).

Sa pag-aaral pa rin nina French at Curd na hinango mula kay Jeppesen, sa kasaysayan, ang mga zines ay nakakubli sa mga marginalisadong komunidad upang irekord ang kanilang mga kuwento, magbahagi at mag-organisa ng mga impormasyon. Ang mga zines ay kadalasang idinidikit sa mga usaping may kinalaman sa anarkiyang politika, feminismo, at mga queer na komunindad, at mga teorya bilang metodo ng 'direktang demokrasya'; naging popular ang mga zine dala ng pagbangga sa kultura ng mga dominanteng naratibo. Ang zine ay nagsisilbing sining sa dalawang paraan. Ang una ay ang proseso sa paglikha ng zine (halimbawa: pagkakaroon ng estiteka sa pagdidesisyon at pagtutulungan) at ang ikalawa naman ay ang pagtapos sa zine bilang isang likhang sining mismo.

Sa tuwing lumilikha din ng zine, nagbubukas ito ng malawak na oportunidad upang mapagana ang metaliterasiya ng lumilikha nito. Ang metaliteracy ay isang komprehensibong modelo para sa literasiya sa impormasyon (information literacy) patungo sa kritikal na pag-iisip (critical thinking) at pagninilay sa mundo ng hatirang pangmadla (social media), mga kagamitan sa pagkatutong online at mga online na komunidad (Mackey at Jacobson, 2021). Samakatuwid, ang metaliteracy ay ang abilidad na magsuri ng mga impormasyon kung ito ba ay walang kinikilingan, may kredibilidad at magamit ito sa konteksto ng produksyon at pagbabahagi ng kaalaman na kapaki-pakinabang sa tuwing gagamit ng internet at hatirang pangmadla. Sa madaling salita, ito ay nagtataguyod ng kritikal na pag-iisip at kolaborasyon sa panahong digital.

Sa konteksto naman ng paglikha ng zines at pagsulat ng mga akademikong sulatin, hindi maiiwasan ng mga mag-aaral na mangalap ng mga impormasyon gamit ang internet at mga hatirang pangmadla o social media. Madalas na ring gumagamit ang mga mag-aaral ng mga produktibong kagamitan (productivity tools) sa paglikha ng kanilang mga presentasyon at mga awtput na ipinapasa sa mga guro. Hindi ito nalalayo sa paggamit ng Canva, isang sofweyr na ginagamit sa pagdidesenyo (design, visual and presentation software) na madalas ginagamit ng mga mag-aaral sa tuwing gumagawa sila ng mga digital na zine o mga nakalimbag na zine.

Ang zine ay hindi na bago sa lipunan sapagkat bahagi na ng kultura ang pagsulat at paglikha ng zine. Sa malalimang pagtalakay ni Latigar ng Unibersidad ng Pilipinas, sa kanyang pag-aaral na pinamagatang "ZineThesis: Isang Paggalugad na Pananaliksik sa Kasalukuyang Mundo ng Zines sa Pilipinas", sinabi niya na ang paglikha sa mga zine ay pagpapamalas sa kamalayang kultural na umiiral sa kontemporaryong kapanahunan sapagkat dito naipakikita ng zine ang pagiging pagkaradikal, kontra-komersyalismo at konsumerismo, at politikal na pagpapahalaga ng mga lumilikha nito (Latigar, 2020).

Ayon pa kay Latigar, higit tatlumpung taon na nang magsimulang lumabas ang unang isyu ng Herald X na itinuturing bilang pinakaunang zine sa Pilipinas. Ayon pa kay Latigar sa kanyang paggalugad na pananaliksik (exploratory research) na hango sa pag-aaral ni Piepmei, ang zine (binibigkas na 'zeens') ay mga paglalathalang sarili, hindi nangangailangan ng mataas na badyet at hindi pangkalakalang paglalathala. Nagsimula ito sa fandom (isang subkulturang binubuo ng mga tagahanga na nailalarawan sa pamamagitan ng isang pakiramdam na empatiya at pakikipagkapwa sa iba na nagbabahagi ng isang karaniwang interes): kadalasan ay sci-fi, musika, pampalakasan at kultural na ikonograpiya, na matagal na nagsisilbing napakahalagang daluyan ng komunikasyon sa iba't ibang sabkultura at binibilang na sandigan ng "do-it-yourself" na kilusang pagkamalikhain na nagpapahayag sa "anumang usaping personal at politikal na mga naratibo" (Latigar, 2020).

Binanggit pa ni Latigar na ipinakikita ng zines (sa kabila ng pagkakaiba-iba sa depinisyon at motibasyon ng mga aktor) ang humahabi sa mga pulo-pulong komunidad para sa pagbubuo ng isang nosyon ng eksenang may arbitraryong estruktura. Ginamit pa ni Latigar ang katagang "pook ng komunikasyon" sa pagtalakay sa mga lugar na nagsisilbing muhon ng pag-uugnayan ng mga aktor sa larangan. Hinahagip nito hindi lamang ang mga pisikal na

pag-uugnayan, kundi maging ang mga network na ipinadadaloy rin sa mga espasyong birtuwal. Kritikal ang papel ng mga pook ng komunikasyong ito sa mabilis na pagdaloy ng mga impormasyon, obra, at maging mga tao mula sa isang partikular na larangan, eksena, o lugar patungo sa ibang larangan, eksena, at lugar.

Sa kabuoan, maibubuod ang mga pangunahing punto ng paglikha ng zine sa tatlong salita: mabilis (mobility), madali (fluidity), at instrumento (agency). Itinatampok ng mga ito ang pagkasira ng mga tradisyonal na kategoryang tumayong pundasyon ng mga sabkultura sa nakaraan. Nahahagip din nito ang mga pagbabagong pang-ekonomiko, kultural, organisasyonal, at teknolohikal kung saan naililipat ang diin patungo sa mga indibidwal na proyekto ng sarili sa halip na sa pagpapanday ng kolektibong pagkakakilanlang nakabase sa sosyo-demograpikong katayuan ng mga aktor (Latigar, 2020).

Natutunaw na ang mga tradisyunal na paglikha ng zine dahil sa pag-usbong ng mga makabagong teknolohiya at paglakas ng paggamit ng Internet. Sa katunayan, mas nagiging kaaliw-aliw ang mga zines kung ito ay nalikha sa tulong mga sofweyr (software) kayaga ng Canva kung saan ay malaya kang makagagawa ng sarili mong obra (self-publishing tool) at platapormang lumilikha ng mga grapikong disenyo (graphic design platform).

Idinagdag pa ni Latigar na sa paglikha ng zine, pawang walang pinagkakasunduan pagdating sa kung paano likhain ang mga ito at ang bawat isa ay maaaring kumilos batay sa kani-kanilang kagustuhan at pamamaraan. Hindi ito tulad ng ibang uri ng panitikan na maaaring ituring na may iisang radikal o likas na katangian. Samakatuwid, malaya ang sumusulat ng akademikong sulatin at ang lumilikha ng zine kung gagamit siya ng tradisyunal na paraan o makabagong paraan. Anupa't malaki ang naiaambag ng zine sa paglinang ng malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral bukod pa sa mga kasanayang nabanggit na sa itaas at sa antas ng kanilang pagkatuto. Idagdag pa rito ang pagkakaroon ng *Pygmalion Effect* nina Rosenthal at Jacobson na maaring maidulot sa mga mag-aaral na lumilikha nito.

*Pahayag ng suliranin*

Ang pangunahing suliraning tinalakay sa pag-aaral na ito ay ang mababang antas ng akademikong kahusayan ng mga estudyanteng Pilipino sa larangan ng kritikal na pag-iisip, paglutas ng problema, at literasiya sa impormasyon, na lumitaw sa mga pambansa at pandaigdigang pagtatasa. Inaalam ng pag-aaral kung paano makatutulong ang paggawa ng zine sa pagsusulat ng akademikong sulatin upang mapabuti ang mga mahalagang kasanayang ito.

## METODOLOHIYA

*Disenyo ng pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng isang eksploratoryong diskarte, sinusuri ang potensyal ng mga zine bilang makabagong kasangkapan sa pagtuturo ng pagsusulat ng akademikong sulatin. Sa pamamagitan ng pagsasama ng paggawa ng zine sa silid-aralan, layunin ng pananaliksik na sukatin ang epekto nito sa pagkakasangkot at pag-unlad ng kasanayan ng mga estudyante sa mga kritikal na larangan tulad ng paglutas ng problema at literasiya sa impormasyon.

*Lokasyon ng pag-aaral at mga respondente*

Ang pag-aaral ay isinagawa sa Mataas na Paaralan ng Sta. Elena sa Marikina, kung saan kasalukuyang nagtuturo ang mga may-akda. Ang mga kalahok ay binubuo ng mga estudyante sa senior high school na kasangkot sa mga gawaing akademikong pagsusulat, at ipinakilala sa kanila ang paggawa ng zine bilang bahagi ng kanilang kurikulum.

*Mga kasangkapang pampananaliksik*

Gumamit ang pananaliksik ng kumbinasyon ng mga kwalitatibo at kwantitatibong kagamitan. Nagsagawa ng mga pagtatasa upang sukatin ang progreso ng mga estudyante sa tradisyunal na pagsusulat kumpara sa paggawa ng zine. Ginamit din ang mga survey at interbyu upang makuha ang mga feedback mula sa mga estudyante at guro hinggil sa bisa ng paggawa ng zine sa paglinang ng kritikal na pag-iisip at iba pang kasanayan.

*Pamamaraan ng pagsusuri ng datos*

Ang datos ay sinuri sa pamamagitan ng paghahambing ng resulta ng akademikong pagsusulat ng mga estudyante bago at pagkatapos ipakilala ang paggawa ng zine. Sinuri rin ang kwalitatibong feedback mula sa mga guro at estudyante upang matukoy ang mga nakitang benepisyo ng paggawa ng zine sa pagkakasangkot at pag-unlad ng kasanayan ng mga estudyante.

## MGA NATUKLASAN AT TALAKAYAN

Ipinakita ng pag-aaral na ang paggamit ng zine ay malaki ang naitulong sa pagpapataas ng interes at pagiging malikhain ng mga estudyante. Ang mga estudyanteng kasangkot sa paggawa ng zine ay nagpakita ng mas mahusay na kakayahan sa paglutas ng problema at mas mataas na antas ng pagkakasangkot sa mga gawain ng pagsusulat. Ipinapakita ng mga natuklasan na ang zine ay nagbibigay ng mas malayang plataporma para sa mga estudyante upang mapalawak ang kanilang kakayahan sa pagsusulat.

## KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa konklusyon, ang paggawa ng zine ay napatunayang isang epektibong alternatibong pamamaraan upang mapabuti ang kasanayan ng mga estudyante sa pagsusulat ng akademikong sulatin at kritikal na pag-iisip. Inirerekomenda na isama ng mas maraming paaralan ang paggawa ng zine sa kanilang kurikulum upang mas mapalalim ang pagkakasangkot ng mga estudyante sa mga gawaing akademiko. Ang mga susunod na pag-aaral ay maaaring palawakin pa ang mga natuklasang ito upang tuklasin ang pangmatagalang benepisyo ng zine sa edukasyon.

## MGA SANGGUNIAN

Bureau of Education Assessment. (2023). National Achievement Test For Grade 12 (NAT G12) Primer. Kinuha mula sa https://www.depedtrends.com/2023/01/national-achievement-test-nat-grade-12.html

Chi, Cristina. (2024). Philippines ranks at the bottom of new PISA test on creative thinking. Philstar.com. Kinuha mula sa https://www.philstar.com/headlines/2024/06/19/2364001/philippines-ranks-bottom-new-pisa-test-creative-thinking

Corbett, F., & Spinello, E. (2020). Connectivism and leadership: harnessing a learning theory for the digital age to redefine leadership in the twenty-first century. Heliyon, 6(1), e03250.

DepEd Order No. 43, s. 2013. Implementing Rules and Regulations of Republic Act No. 10533 Otherwise Known as the Enhance Basic Education Act of 2013

DepEd Order No. 21, s. 2019. Policy Guidelines on the K to 12 Basic Education Program

Duterte-Carpio, S. Z. (2023, Enero 30). Basic Education Report 2023 [talumpating nakasulat]. Divine Word College of San Jose. Kinuha mula sa https://www.dwcsj.edu.ph/pages/news/news_2022/jan2023_vpsarah_speech.pdf

French, J., & Curd, E. (2022). Zining as artful method: Facilitating zines as participatory action research within art museums. Action Research, 20(1), 77-95.

Gradecrest. (2021). How long it Takes to Write an Essay (Word and Page Count). gradecrest.com Kinuha mula sahttps://gradecrest.com/the-time-it-takes-to-write-essay-andpapers/#:~:text=Ideally%2C%20writing%2012%20pages%20needs,thoroughly%2C%20then%20write%20the%20paper.

Hroch, M. (2020). Not Out of Date, but Out of Time: The Materiality of Zines and Post-digital Memory. In Forum Historiae. Časopis a portál pre históriu a príbuzné spoločenské vedy (Vol. 14, No. 1, pp. 17-27). Historický ústav SAV.

Hroch, M., & Carpentier, N. (2021). Beyond the Meaning of Zines: A Case Study of the Role of Materiality in four Prague-Based Zine Assemblages. Communication, Culture & Critique, 14(2), 252-273.

Jacobson, T. E., Mackey, T. P., & O'Brien, K. L. (2021). Visualizing the convergence of metaliteracy and the information literacy framework.

Latigar, Jokkaz SP. (2020). Zine/Thesis: Isang Paggalugad na Pananaliksik sa Kasalukuyang Mundo ng Zines sa Pilipinas. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino-University of the Philippines-Diliman.

Mackey, T. P., & Jacobson, T. E. (2021). Metaliteracy and the Perspectives of Information Science in the Digital Age.

Matich, M., Parsons, E., & Ashman, R. (2022). Zine infrastructures as forms of organizing within feminist social movements. Gender, Work & Organization.

Republic Act No. 10533. Enhanced Basic Education Act of 2013

Sikder, S. (2023). Expectation and Pygmalion effect. Research in Multidisciplinary Subjects (Volume-8), 86.

Tham, J., Duin, A. H., Veeramoothoo, S. C., & Fuglsby, B. J. (2021). Connectivism for writing pedagogy: Strategic networked approaches to promote international collaborations and intercultural learning. Computers and Composition, 60, 102643.

Veloso, R. M. S. (2020). Enriching creative communities through Young Adult (YA) literature: a content analysis of zines from Philippine High School for the Arts. ASEAN Journal of Community Engagement, 4(1), 3.

Villanueva, Voltaire M. at Bandrill, Lolita T. (2016) “Pagsulat sa Filipino sa Piling Larangan: Akademik at Sining at Disenyo.” Quezon City: Vibal Group, Inc.